Pangalan:_______________________________________________ Linggo: ___________

Baitang&Pangkat:_________________________________ Petsa: ____________

# SANAYANG PAPEL #3 PAKSA: Pambansang Kita

## GABAY

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC):** Nasusuri ang pamamaraan at kahalagahan ng pagsukat ng pambansang kita

Pagkatapos sagutan ang sanayang papel na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. natutukoy ang iba't-ibang pamamaraan ng pagsukat ng pambansang kita;
2. naipaliliwanag ang epekto ng pambansang kita sa ekonomiya; at
3. napahahalagahan ang gampanin ng pagsukat ng pambansang kita para sa pag-unlad ng bansa.

## ENGGANYO

**Kahalagahan at Paraan ng Pagsukat ng Pambansang Kita**

Ang pambansang kita o Gross National Income ay tumutukoy sa kabuuang pampamilihang halaga ng mga produkto at serbisyo na nagawa ng mga mamamayan sa isang bansa sa isang takdang panahon. Ayon kay Campbell R. McConnell at Stanley Brue sa kanilang Economics Principle, Problems and Policies (1999), mahalaga ang pagsukat sa pambansang kita sapagkat nakapagbibigay ito ng ideya tungkol sa antas ng produksyon ng ekonomiya sa isang particular na panahon, dahil dito ay naihahambing at natutukoy ang direksyon natin nat tatahak ng ekonomiya ng isang bansa. Kapaki pakinabang din ang mga datos na nakakalap mula sa sistematikong paraan ng pagsukat sa pambansang kita sapagkat maaari itong magamit bilang gabay sa pagplano sa ekonomiya upang bumuo ng mga patakaran at polisya namakapagpapabuti sa pamumuhay ng mamamayan ng bansa.

Ayon kay Villegas at Abola (1992), may tatlong paraan ng pagsukat ng GNI (Gross national Income):

1. **Pamamaraan batay sa gastos (Expenditure Approach)** – Sa pamamaraangito ay pinagsasama-samaangkabuanghalaga ng *pinagkagastusan* ng apat na sector na bumubuo sa ekonomiya, tulad ng sambahayan, bahay-kalakal, pamahalaan at panlabas na sektor. Kabilang ditto ang gastusing personal, gastusin ng mga namumuhunan, pamahalaan at panlabas na sector.

2. **Pamamaraan batay sa pinagmulang industriya (Industrial Origin Approach/ Value Added Approach)** – Sa pamamaraang ito ay pinagsama-sama naman ang *kabuang halaga ng produksyon* ng mga pangunahing industriya sa bansa. Kasama ditto ang sektor ng agrikultura, industriya at serbisyo.

3. **Pamamaraanbataysakita (Income Approach)**– Sa pamamaraang ito naman ay pinagsama-samaang kabuang *sahod* ng manggagawa, net operating surplus o tinubo ng mga korporasyon, depresasyon at subsidya.

*Sources: Department of Education. (2015). EkonomiksAralingPanlipunanModyul para sa Mag-aaral p. 245-249. Pasig City, Philippines.*

# TALAB

**Panuto:** Basahin ang mga sumusnod na pahayag tungkol sa kahalagahan at pamamaraan ng pagsukat ng pambansang kita. Isulat ang **T** sa patlang kung ang pahayag ay tama at **M** naman kung mali.

______ 1. Ang pamamaraan ng pagsukat ng pambansang kita gamit ang pinagsama-samang paggasta mula sa iba't-ibang sektor ay tinatawag na expenditure approach.

______ 2. Ang pagsukat sa pambansang kita ng isang bansa at nakatutulong sa pagpapataas ng economic performance nito.

______ 3. Ang mga datos na nakakalap mula sa isang sistematikong paraan ng pagsukat ng pambansang kita ay maituturing na kapani-paniwala at mahalaga.

______ 4. Ang expenditure approach, industrial origin approach at tax approach ay paraan ng pagsukat sa Gross National Income.

______ 5. Ang mga gastusin ng pamahalaan sa pagsasagawa ng mga proyektong panlipunan ay hindi kasama pagsukat ng pambansang kita sa expenditure approach.

______ 6. Ang apat na sektor ng ekonomiya ay binubuo ng sambahayan, bahay-kalakal, pamahalaan at panlabas na sektor.

______ 7. Sa pagsukat ng GNI gamit ang industrial origin approach ay pinagsasama-sama ang kabuang kita ng manggagawa sa loob ng bansa.

______ 8. Ang net operating surplus o tinubo ng mga korporasyon ay isa sa mga kailangan upang masukat ang GNI sa pamamaraang batay sa gastos.

______ 9. Gross National Income ay ang kabuuang pampamilihang halaga ng mga produkto at serbisyo na nagawa sa isang bansa.

______ 10. Ang pagsukat sa pambansang kita ng isang bansa ay nakatutulong upang matukoy ang antas ng produksyon ng ekonomiya sa isang partikular na panahon.

## RUBDOB

**Panuto:** Buuin ang graphic organizer sa ibaba, tukuyin ang tatlong pamamaraan ng pagsukat ng pambansang kita at ipaliwanag ang bawat isa.

2. ______________________________

1. ______________________________

3. ______________________________


**Paraan ng pagsukat ng Pambansang Kita**

**Kahalagahan ng pagsukat ng pambansang kita**

______________________________

# IRAL

**Panuto:** Suriin ang larawan sa ibaba, mula dito ay gumawa ng isang sanaysay na nagpapaliwanag ng epekto ng kasalukuyang pandemya sa ating pambansang kita at kung paano ang pagsukat dito ay makatutulong sa kinabukasan ng ekonomiya ng ating bansa.




*Photos retrieved from: https://www.facebook.com/PhilippineSTAR/photos/2120104468143223*

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**Rubriks sa Pagmamarka ng Sanaysay**

| KATEGORYA | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Nakapagpakita ng higit sa tatlong katibayan ng pagbabago sa ekonomiya ng bansa. | Nakapagpakita ng tatlong katibayan ng pagbabago sa ekonomiya ng bansa. | Nakapagpakita ng kulang sa tatlong katibayan ng pagbabago sa ekonomiya ng bansa. |
| **Mensahe** | Maliwanag at angkop ang mensahe. | Di-gaanong maliwanag at angkop ang mensahe. | Di angkop ang mensahe. |
| **Oras/Panahon** | Nakasunod sa tamang oras ng paggawa | Lumagpas ng ilang araw sa paggawa. | Lumagpas ng higit sa isang lingo sa paggawa. |

*References:*
-Department of Education. (2015). Ekonomiks Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral p. 245-249. Pasig City, Philippines.

https://www.facebook.com/PhilippineSTAR/photos/2120104468143223

**TEACHER'S FEEDBACK**

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**SELF-MONITORING**

Pangalan: ______________________________ Linggo: ________________

Baitang&Pangkat: ________________________ Asignatura: ____________

| **Para sa Mag-aaral (*Tapusin ang mgapangungusap.)*** | |
|---|---|
| Nahirapan akong unawain at gawin / sagutan ang bahaging… | |
| Nadalian akong unawain at gawin / sagutan ang bahaging … | |
| Kailangan ko pa ng tulong upang lalong maunawaan ang …. | |

| **Para sa magulang (*Lagyan ng tsek ang inyong sagot.)*** | | | |
|---|---|---|---|
| Nagawa ng akinganak ang mgapagsasanay … | | Ang aking anak ay … | |
| | nang siya lamang mag-isa, walang tumulong | | nasagutan ang lahat ng mga pagsasanay |
| | na may kaunting tulong sa pagsasagot mula sa iba | | nasagutan ang ibang pagsasanay at ang iba ay hindi |
| | Na maraming hininging tulong sa pagsasagot mula sa iba | | hindi nasagutan ang lahat ng pagsasanay dahil masyadong mahirap |